PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Araling Panlipunan 4

Unang Markahan – Modyul 1

## Ang Konsepto ng Bansa

MARY JUNE M. EDMA



SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 1: Ang Konsepto ng Bansa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary June M. Edma

**Editor:**

**Tagasuri:** Vilma C. Velasco

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Leo Martinno O. Alejo

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986


E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## Alamin

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matatalakay mo ang konsepto ng bansa
2. Mabubuo ang kahulugan ng bansa
3. Maipaliliwang ng ang Pilipinas ay isang bansa



## Subukin

Iguhit ang  kung tama ang ipinahahayag ng pangungusap at  kung hindi wasto ang nakasaad. Gawin ito sa sagutang papel.

______1. Ang bansa ay isang lugar o teritoryo na may naninirahang mga tao.

______2. Ang bansa ay matatawag na bansa kung ito ay binubuo ng apat na elemento.

______3. Ang bansa ay kinakailangan ng isang pamahalaan.

______4. Ang teritoryo ay tumutukoy sa lawak na nakasasakop sa isang lugar.

______5. Ang Pilipinas ay maituturing na isang bansa.

_____ 6. Ang bansa ay hindi kinakailangan ng mga mamamayan.

______7. Soberanya ang tawag sa kapangyarihan ng namamahala sa kanyang nasasakupan.

_____ 8. Ang mga tao o grupo ng mga tao ay may kanya kanyang kultura, wika at paniniwala.

_____ 9. Ang Pilipinas ay may isang pamahalaan ng tumutugon sa mga pangangailangan.

_____ 10. Ang Pilipinas ay hindi maaring pakialaman ng ibang bansa.



## *Balikan*

Ayusin ang mga titik upang mabuo ang salitang tinutukoy sa bawat pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

____________1. **(onihyer)** ito ay lugar na kung saan tumutukoy sa kinabibilangan ng tao o grupo ng mga tao

____________2. **(ilpiapnis)** bansang kinabibilangan ng maraming Pilipino

____________3. **( agatogl)** pambansang wika ng Pilipinas



## *Tuklasin*

Paano masasabing ang isang lugar ay isang bansa? Matatawag mo ba na isang bansa ang Pilipinas? Ano ba ng kahulugan ng bansa?

Ang bansa ay isang lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinangalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon, at lahi.

Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng apat na element ng pagkabansa- tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.

Ang Pilipinas ay isang bansa dahil may naninirahan ditong tao, may sariling teritoryo may pamahalaan at ganap na kalayaan.



## *Suriin*

May apat na elemento ang bansa ang tao, teritoryo, pamahalaan at soberanya o ganap na kalayaan.


**Tao** Ang tao ay tumutukoy sa grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo na bumubuo sa populasyon ng bansa.

**Teritoryo** Ang teritoryo ay tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito. Ito rin ang tinitirhan ng mga tao na pinamumunuan ng Pamahalaan.

**Pamahalaan** Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyon political na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at nagpapanatili ng isang sibilisadong lipunan.

**Soberanya** Ang soberanya o ganap na kalayaan ay tumutukoy sa kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kanyang nasasakupan. Tumutukoy rin ito sa kalayaang magpatupad ng mga programa nang hindi pinakikialaman ng ibang bansa.Dalawa ang anyo ng soberanya panloob at panlabas. Ang panloob na soberanya ay ang pangangalaga ng sariling kalayaan. Ang panlabas na soberanya ay ang pagkilala ng ibang bansa sa kalayaang ito.


Hindi maituturing na bansa ang isang bansa kung may isa o higit pang kulang sa alinman sa apat na binanggit na elemento o katangian. Sa kasalukuyan may mahigit na 200 bansa ang nagtataglay ng apat na element ng pagiging ganap na bansa. Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang ito. Ilan pang lugar mundo na maituturing na bansa ay ang United States of America, Australia, United kingdom, Saudi Arabia at China.



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Ilagay sa bawat ulap ang elemento o katangian ng isang bansa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain 2**

Punuan ang bawat patlang ng wastong salita upang mabuo ang kaisipan. Mamili sa loob ng kahon sa baba para sa tamang sagot.

Ang _________ay isang lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng _____________ na may magkakatulad na kulturang pinangalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong __________ pamana, relihiyon , at lahi.

Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng apat na ________________ ng pagkabansa- tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.

Ang ___________ ay isang bansa dahil may naninirahan ditong tao, may sariling teritoryo may pamahalaan at ganap na kalayaan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tao | bansa | wika | elemento | bansa |




## *Isaisip*

1. Ang bansaay lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan kung saan makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon, at lahi

2. Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng apat na elemento ng pagkabansa — tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.

3. Ang Pilipinas ay isang bansa dahil may mga naninirahan ditong tao, may sariling teritoryo, may pamahalaan, at may ganap na kalayaan.



## *Isagawa*

Ilarawan ang bawat elemento ng bansa sa pamamagitan ng sumusunod:

Tao (tula)

Teritoryo (awit)

Pamahalaan (slogan)

Soberanya (pagguhit)



## *Tayahin*

**Gawain 1**

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B.Isulat ang titik sa unahan ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong notebook o sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| ______1. Kailangan ng isang bansa | a. bansa |
| ______2. Lugar o teritoryo na may naninirahang tao | b. Pamahalaan |
| ______3. Mga grupo na naninirahan sa isang bansa | c. tao |
| ______4. Kapangyarihan ng isang bansa | d. Pilipinas |
| ______5. Bansa na may naninirahang Pilipino | e. soberanya |

**Gawain 2**

Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay tama at ekis (x) kung ang pahayag ay mali.

______1. May apat na elemento ang isang bansa.

______2. Matatawag na may ganap na kalayaan ang isang bansa kung ito ay may Pamahalaan.

______3. Kabilang sa mga bansa ang Amerika, Australia , United Kingdom, Saudi Arabia at China.

______4. Ang Bansa ay lugar o teritoryo na may naninirahang mga tao o grupo ng mga tao.

______5. Ang pamahalaan ay pinamumunuan ng hari o reyna.

______6. Ang soberanya ng bansa na may dalawang anyo.

______7. Sa kasalukuyan may 300 bansa ang may ganap na kalayaan.

______8. Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal.

______9. Ang teritoryo ay ang lawak na nasasakupan ng isang bansa.

_______10. Ang isang bansa ay matatawag na bansa kung taglay nito ang apat na elemento.

## *Karagdagang Gawain*

Iguhit sa inyong kwaderno ang Mapa ng Pilipinas

# Susi Sa Pagwawasto

**Subukin**

1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.



Balikan

1. REHIYON
2. PILIPINAS
3. TAGALOG

**Tayahin**

Gawain 1

1.b
2. a
3. c
4.e
5.d

Gawain 2
1./
2. /
3. /
4. /
5. x
6. /
7. x
8. /
9. /
10. /

## *Sanggunian*

https://tl.wikipedia.org/wiki/Ang Pilipinas ay isang Bansa